Process Safety Beacon

Mga mensahe para sa mga Tauhan ng Paggawa

www.aiche.org/ccps/process-safety-beacon

An AIChE Technology Alliance
CCPS
Center for Chemical Process Safety
aiche.org/ccps

Ang isyung ito ay Ini-sponsor ng
ioMosaic®
Minimizing risk. Maximizing potential.®
www.iomosaic.com

# Maligayang Ika-20 Anibersaryo – Process Safety Beacon **Nobyembre 2021**



Nobyembre 2001



Nobyembre 2021



Nobyembre 2011

*Larawan 1 Mga Beacon sa Kaligtasan ng Proseso sa loob ng 20 taon*

Dalawampung taon na ang nakararaan, nagpulong ang isang grupo ng mga kinatawan ng kumpanyang miyembro ng CCPS at natukoy na kailangan ang isang bagong pamamaraan sa kaligtasan ng proseso. Ang pamamaraan na ito ay para sa mga frontline na mga empleyado – pangunahin na mga tauhan sa operasyon at pagpapanatili. Ang kinalabasan ay ang CCPS Process Safety Beacon. Mula sa unang edisyon noong Nobyembre ng 2001 bilang isang tekstong dokumento, inilathala ito ng komite buwan-buwan at ito ngayon ay ine-email sa mahigit 30,000 subscribers. Ang mga mambabasa ay lumago mula sa ilang daan hanggang sa tinatayang isang (1) milyon.

Nilalayon ng Beacon na magbigay ng mensahe ng kaligtasan sa proseso para sa mga empleyado sa frontline na maaaring ibahagi, i-poste sa mga bulletin board, gamitin sa mga pulong ng toolbox at para sa mga sandali ng kaligtasan upang paalalahanan ang mga tao tungkol sa mga paksa sa kaligtasan ng proseso.

Sa kabuuan ng 20 taong kasaysayan nito, 200+ Beacon ang nai-publish; maaari mong ma-access ang mga ito sa pamamagitan ng Process Safety Beacon Archive sa

https://www.aiche.org/ccps/resources/process-safety-beacon/archives

## Alam Mo Ba?

- Ang Process Safety Beacon ay ang pinakabasang publikasyong AIChE. Tinatayang isang (1) milyong katao ang nagbabasa ng Beacon sa buong mundo.
- Ang Beacon ay isinulat buwan-buwan ng isang komite na mahigpit na nagsusuri ng mga materyales upang matiyak na ito ay tumpak at kapaki-pakinabang sa mga mambabasa. Ang komite na ito ay nararapat ng malaking Pasasalamat sa kanilang mga pagsisikap sa nakalipas na 20 taon.
- Ang Beacon ay magagamit na ngayon sa 40 na wika salamat sa maraming dedikadong tagapagsalin na naglalaan ng oras upang gumawa ng mga tumpak na pagsasalin.
- Ang Beacon ay libre sa lahat; para mag-subscribe, sundan ang link na ito https://aiche.informz.net/AICHE/pages/Beacon_Subscribe_Page
- Ang pagkopya at pagbabahagi ng Beacon ay hindi lamang pinapayagan, ito ay hinihikayat.
- Bagama't ang paglalarawan ng insidente sa Beacon ay nakatuon sa ilang nag-aambag na mga sanhi, kadalasan mayroong maraming iba pang mga isyu na nag-ambag sa kaganapan.

## Ano Ang Puwede Mong Gawin?

- Talakayin ang Beacon sa iyong koponan at hanapin ang (mga) pangunahing ideya na maaaring magamit sa iyong mga operasyon.
- Basahin ang Beacon at tanungin ang iyong sarili ng ilang mga katanungan tulad ng:
  - Maaari bang magkaroon ng ganitong pangyayari sa aking lugar?
  - Anong mga sistema ng kaligtasan ang mayroon tayo upang maiwasan ang ganitong insidente?
  - Ang mga pananggalang ba ay pinananatili sa mabuting kalagayan?
- Patuloy na basahin at ibahagi ang Beacon.
- Kung mayroon kang ideya para sa isang paksa ng Beacon mangyaring ipadala ito sa: ccps_beacon@aiche.org

***Ang Beacon – pagbabahagi ng mga aralin sa kaligtasan sa proseso sa loob ng 20 taon!***

**©AIChE 2018. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Pagpaparami na hindi komersyal, layuning pang-edukasyon ay hinihikayat. Gayunpaman, ang pagpaparami pang komersyal na walang nakasulat na pahintulot galing AIChE ay mahigpit na ipinagbabawal. Makipagugnayan sa amin sa ccps_beacon@aiche.org or 646-495-1371.**